

COUNTY NG SACRAMENTO
PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE AT HALALAN



PLANO NG PANGANGASIWA NG HALALAN
SETYEMBRE 2019

**County ng Sacramento
Voter Registration & Elections
7000 65th Street, Suite A
Sacramento, CA 95823
(800) 762-8019
voterinfo@saccounty.net
www.elections.saccounty.net**

Talaan ng Nilalaman

| | |
|--|----|
| SEKSYON 1: EDUKASYON SA BOTANTE AT OUTREACH PLAN..... | 4 |
| I. PANGKALAHATANG-IDEYA | 4 |
| II. BOTANTE & OUTREACH NG KOMUNIDAD | 4 |
| A. 2020 na Pagmemensahe..... | 4 |
| B. Mga Kasosyo sa Komunidad | 5 |
| C. Mataas na Paaralan & Mataas na Edukasyon | 6 |
| D. Indibidwal na Network ng Botante..... | 6 |
| E. Direktang mga Kontak sa Botante | 7 |
| F. Mga Komite ng Pagpapayo..... | 7 |
| G. Mga Anunsyo ng Serbisyo sa Publiko & Media | 8 |
| III. MGA SERBISYO NG BOTANTE..... | 8 |
| A. Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may Limitadong Karunungan sa Ingles..... | 8 |
| 1. Komite ng Pagpapayo ng Pagkakamit sa Wika..... | 8 |
| 2. Mga Workshop sa Edukasyon..... | 8 |
| 3. Media/Advertising | 9 |
| 4. Mga Materyales sa Kahaliling mga Wika..... | 9 |
| 5. Bilingual na Tulong sa mga Sentro ng Pagboto | 10 |
| B. Ang mga Botanteng may mga Kapansanan..... | 11 |
| 1. Komite ng Pagpapayo sa Pag-access sa Pagboto..... | 11 |
| 2. Mga Workshop sa Edukasyon..... | 12 |
| 3. Media/Advertising | 12 |
| 4. Mga Materyales sa Alternatibong mga Ayos | 12 |
| 5. Accessible Vote by Mail (AVBM)..... | 13 |
| 6. Access sa Sentro ng Pagboto | 14 |
| 7. Mga Mapagpipilian na Ballot Pick-up | 15 |
| IV. PAGTUGON SA MGA PUWANG SA PAKIKILAHOK | 15 |
| Pagpaparehistro para sa Pagboto | 16 |
| Pagkolekta at Pagsusuri ng Data..... | 16 |
| Turnout ng Botante ayon sa Zip Code, Nobyembre 2018 | 19 |
| V. BADYET | 20 |
| SEKSYON 2: PLANO NG PANGANGASIWA NG HALALAN | 22 |
| I. PANGKALAHATANG-IDEYA | 22 |
| II. MGA AKTIBIDAD BAGO ANG HALALAN | 22 |
| A. Pagsusuri sa 2018 na Halalan | 22 |
| 1. Elektronikong mga Talaan ng Tawag..... | 22 |

| | |
|---|----|
| 2. Siyasat sa Karanasan ng Botante | 23 |
| 3. Debrief ng Inspektor..... | 23 |
| B. Mga Lupon ng Pagpapayo..... | 23 |
| C. Sentro ng Pagboto & Balangkas ng Drop Box ng Balota | 24 |
| D. Kagamitan at Seguridad | 24 |
| E. Outreach & Edukasyon..... | 25 |
| III. MGA AKTIBIDAD SA HALALAN & SUPORTA | 25 |
| A. Pagsubok sa Lohika & Kawastuhan..... | 25 |
| B. Mga Materyal & Mapagkukunan sa Halalan..... | 26 |
| C. Mga Pagpipilian sa Pagboto & Access sa Balota..... | 27 |
| D. Pagsasanay sa mga Tauhan sa Sentro ng Pagboto (Manggagawa sa Botohan)..... | 31 |
| IV. MGA KAGANAPAN MATAPOS ANG HALALAN– Maaaring obserbahan ng publiko ang anumang proseso sa halalan..... | 31 |
| A. Canvass – Pagboto sa pamamagitan ng Mail (Vote by Mail) | 32 |
| B. Canvass o Paglikom ng mga Boto - Mga Vote Center | 33 |
| C. 1% Manu-manong Pagtala | 33 |

SEKSYON 1: EDUKASYON SA BOTANTE AT OUTREACH PLAN

I. PANGKALAHATANG-IDEYA

Ang California Voter's Choice Act (VCA) ay humihiling sa County na bumuo ng isang Edukasyon sa Botante at Outreach Plan na nagbibigay ng aninaw at nagpapabatid sa mga botante sa lahat ng mga aspeto ng VCA. Kabilang nito ang mga serbisyo at impormasyon na makukuha sa Vote Center and Ballot Drop Box mga lokasyon, at impormasyon na tiyak sa mga botante na may mga kapansanan at mga botante sa minorya ng wika.

Ang pampublikong mga pagpupulong ay gaganapin ng mga samahan ng komunidad at mga indibidwal na nagtataguyod para sa, o nagbibigay ng mga serbisyo sa, mga may kapansanan at mga komunidad na minorya sa wika. Ang Sacramento County Voter Registration and Elections (VRE) ay gagawa ng maraming mga workshop sa pampublikong edukasyon kasabay ng mga pinlano na mga kaganapan sa komunidad. Ang lahat ng mga pampublikong kaganapan na pinaghandaan ng County ay naa-access ng Americans with Disabilities Act (ADA).

Mas pagtutuunan ng planong ito ang layunin ng VRE na sumulong sa 2020 na ikot ng halalan. Isang listahan ng paparating na mga kaganapan ang inilathala [VRE website](#). Para sa karagdagang mga kaganapan, mga ideya para sa oportunidad sa outreach, o mga rekomendasyon upang mapaunlad ang Election Administration Plan na ito, mangyaring mag-email sa voter-outreach@saccounty.net. Ang planong ito ay isusumite sa opisina ng Kalihim ng Estado para sa pagsusuri at pag-apruba. Gayunpaman, ang mga puna at rekomendasyon sa planong ito at sa hinaharap na pagsisikap ng VRE ay tatanggapin anumang oras.

II. BOTANTE & OUTREACH NG KOMUNIDAD

A. 2020 na Pagmemensahe

Ayon sa puna at input ng komunidad, ang VRE ay nagtatag ng mga sumusunod na mga punto ng pagmemensahe na magiging laganap sa lahat ng outreach at mga materyales ng edukasyon:

Marso 3, 2020 Pangunahing Halalan sa Pagkapangulo:

- Bumoto nang maaga upang maiwasan ang mahabang linya
- Binabayaran na ngayon ang postage sa pamamagitan ng Vote by Mail ballot return na mga sobre
- Ang 2020 na Pangunahing Halalan sa Pagkapangulo ay inilipat sa Marso
- Suriin ang katayuan ng iyong pagpaparehistro— ang Pangunahing halalan ay tiyak ayon sa partido

Ang apat na puntos ay ipapakalat sa pamamagitan ng social media, mga kasosyo, sa aming pakikipag-ugnay sa publiko, at sa aming mga flyers at impormasyong

ipamimigay. Ang VRE ay patuloy sa kanilang hindi pabago-bagong pagsisikap upang matiyak na ang publiko ay nakakaalam kung paano magparehistro upang bumoto at makilahok sa darating na mga halalan, at may mga serbisyong magagamit sa Ballot Drop Box and Vote Center na mga lokasyon.

Nobyembre 3, 2020 Pangkahalatang Halalan sa Pagkapangulo:

- Bumoto nang maaga upang maiwasan ang mahabang linya

Ang karagdagang pagmemensahe ay tutukuyin ng VRE matapos ang pagsusuri sa mga tawag at mga tanong ng mga botante sa Pangunahing Halalan ng Marso, mga pagpupulong sa komunidad, at mga resulta ng Vote Center Experience Survey.

Ang VRE ay nng kikipagtulungan sa mga samahan sa komunidad, mga ahensya ng gobyerno, mga paaralan at ibang mga grupo upang madagdagan ang kamalayan sa modelo ng Vote Center. Ito ay pagsasamahin ng isang malawak na kampanya ng media gamit ang direct mailings, news media, radyo, social media, access ng publiko sa media, at public service announcements (PSA). Itataguyod ng kampanya ang libreng hotline para sa pagbibigay tulong sa botante, ipagbigay-alam sa mga botante na may mga kapansanan kung paano makuha ang kanilang balota sa isang naa-access na format, at magbigay ng mga serbisyo sa maraming wika para sa mga botanteng minorya sa wika.

Makikipagtulungan ang VRE sa mga samahan sa komunidad upang dumalo sa mga kaganapan sa komunidad at magbigay ng edukasyon at outreach na pagkakataon sa mga botante.

Ang isang pangkalahatang timeline para sa VRE na Communication Action Plan ay makikita sa Appendix F.

B. Mga Kasosyo sa Komunidad

Ang VRE ay nagbigay ng impormasyon tungkol sa Vote Center na modelo sa maraming mga kasosyo sa komunidad upang tumulong sa pag outreach sa botante. Ang VRE ay dumadalo sa mga kaganapan sa komunidad, gumagawa ng mga presetasyon sa mga organisasyon, at pagsasanay sa mga interesadong indibidwal at mga grupo na tumulong sa edukasyon at outreach. Isang listahan ng mga kaganapan sa komunidad at mga kasosyo nito ay makikita sa Appendix A.

Ang mga kasosyo sa komunidad at ang pangkalahatang publiko ay maaaring tumulong sa iba't ibang paraan tulad ng:

- Pagbabahagi ng tumpak, hindi-partisan na impormasyon tungkol sa halalan sa social media gamit ang hashtag na #SacCountyVotes
- Pag-post impormasyon sa halalan at mga link sa aming website

- www.elections.saccounty.net sa mga newsletter o website ng komunidad
- Paglalagay ng mga flyers at handouts sa mga opisina o mga lokasyon na madalas nakikita ng publiko
 - Pagtulong sa pamamahagi ng impormasyon, mga materyales at mga brochure, kabilang ang tiyak na punto ng pagmemensahe
 - Pakikilahok sa mga kaganapang outreach ng komunidad. Isang binagong listahan ng outreach na mga kaganapan ay makikita sa [our website](#)
 - Pakikilahok sa mga pagpupulong sa pagmemensahe, mga alalahanin o karaniwang mga tanong mula sa publiko
 - Pag-anyaya ng isang kinatawan sa halalan ng VRE upang maglahad ng di-partisan na impormasyon tungkol sa halalan sa mga kliyente, mga customer, mga miyembro, o mga residente.

Isang online toolkit ang makukuha sa pamamagitan ng pag-download nito sa website ng VRE sa www.elections.saccounty.net. Kasama sa toolkit na ito ang mga bidyu, graphics, flyers, brochures, isang presentasyon ng VCA. Ang mga nakalimbag na mga materyales ay maaaring ibigay sa isang grupo o organisasyon nang walang bayad. Mangyaring makipag-ugnay sa voter-outreach@saccounty.net para sa karagdagang mga detalye.

C. Mataas na Paaralan & Mataas na Edukasyon

Nagbibigay ang VRE ng malawak na outreach sa lokal na mga mataas na paaralan sa pamamagitan ng mga programa tulad ng High School Mock Elections upang magbigay ng karanasan sa pagboto sa personal, kaganapan sa pagpaparehistro upang magparehistro at maunang ipa-rehistro ang mga estudyante at mga presentasyon tungkol sa pagbibigay edukasyon sa proseso ng halalan. Ang VRE ay patuloy na makikipagsosyo sa lokal na mga kolehiyo sa buong County upang magbigay ng impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa proseso ng halalan, ang Vote Center na modelo, at paparating na mga halalan sa pamamagitan ng mga presentasyon, mga kaganapan sa paaralan, at pagpaparehistro. Sa kasalukuyan, ang VRE ay buwanang nakikipagpulong sa California State University Sacramento upang matiyak na nauunawaan ng mga estudyante ang kanilang mga pagpipilian sa halalan at anong mga serbisyo ang magagamit sa Vote Center sa paaralan para sa parehong halalan sa 2020.

D. Indibidwal na Network ng Botante

Ang outreach at edukasyong mga kaganapan ay hindi limitado sa mga organisasyon lamang. Ang indibidwal na mga botante ay maaaring magsilbing bahagi ng isang network ng suporta upang bigyang alerto ang VRE sa mga hadlang sa pagboto at magbigay ng mga solusyon upang matiyak ang malawak na kamalayan sa Vote Center na modelo. Ang VRE ay nagbibigay ng Voter Experience Survey na mga card sa Vote Centers upang tumanggap ng mga komento tungkol sa mga karanasan ng mga botante. Kasama sa mga katanungan sa pagsisiyasat ang daan sa Vote Center at ang paggamit ng mga serbisyo sa wika bukod sa iba pang mga katanungan. Gumagamit ang VRE ng isang elektronikong listahan ng tawag upang masubaybayan ang lahat ng papasok na

mga tawag na makakatulong sa pagmemensahe at matugunan ang mga paulit-ulit na mga katanungan o mga alalahanin.

Ang mga katanungan o mga komento mula sa publiko ay maaaring ibahagi sa anumang oras sa pamamagitan ng pag email sa voterinfo@saccounty.net.

E. Direktang mga Kontak sa Botante

Sa 2018 na ikot ng Halalan, ang direktang pakikipag-ugnay mula sa VRE sa mga botante ay isang paraan na ginamit upang ipaalam sa mga botante ang tungkol sa mga pagbabago sa ilalim ng VCA. Magpapadala ang VRE ng dalawang direktang postcards sa bawat nakarehistrong botante ng County ng Sacramento. Ang pangkalahatang layunin ng direktang kontak na mga postcard na ito ay upang magbigay ng impormasyon sa nalalapit na halalan, ang pagkakaroon ng libreng hotline para bigyang tulong ang mga botante, at ang mga pagpipilian sa pagboto.

- *Unang Postcard:* Ang unang pagpapadala ay ipapadala sa humigit-kumulang sa 55 na araw bago ang bawat halalan, nagpapaalala sa mga botante na abangan ang kanilang Vote by Mail na balota at upang suriin ang kanilang katayuan at tiyaking sila ay nakarehistro nang tama para sa paparating na partido na tiyak para sa Marso.
- *Pangalawang Postcard:* Ang pangalawang pagpapadala ay ipapadala sa humigit-kumulang 22 na araw bago ang halalan upang ipaalala sa mga botante kung kailan magbubukas ang Vote Centers, mga pagpipilian para sa pagbalik na kanilang balota, at upang bumoto nang maaga at iwasan ang mahabang linya sa Araw ng Halalan.

Ang mga halimbawang postcard sa 2018 ay kasama sa Appendix B.

F. Mga Komite ng Pagpapayo

Nagtatag ang VRE ng tatlong mga komite upang tumulong sa paglikha at pagpapatupad ng Election Administration Plan outreach at edukasyong mga pagsisikap:

- Ang Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) na mga layunin, mga agenda, at nilalaman ng pagpupulong ay makikita sa [VAAC webpage](#).
- Ang Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) na mga layunin, mga agenda, at nilalaman ng pagpupulong ay makikita sa [LAAC webpage](#).
- Ang Voter Education & Outreach Advisory Committee (VEOAC) ay buwanang nagkikita upang talakayin ang mga paksa na nagbibigay interes sa pangkalahatang publiko dahil ito ay nauugnay sa seguridad ng halalan, access, at edukasyon. Hindi kinakailangan ang pagiging kasapi. Ang isang listahan ng petsa ng mga pagpupulong ay makikita isa [VEOAC webpage](#).

Ang mga komite na ito ay tutulong sa pag-access, wika, at mga pangangailangan ng komunidad at payuhan ang VRE sa iba't ibang aspeto ng Voter Education and Outreach Plan

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa anumang mga komite, mangyaring mag-email sa voter-outreach@saccounty.net

G. Mga Anunsiyo ng Serbisyo sa Publiko & Media

Ang VRE ay gagamit ng Anunsiyo ng Serbisyo sa Publiko o Public Service Announcement (PSA) sa pamamaraang nakikita at naririnig upang ipaalam sa mga botante ang tungkol sa paparating na halalan at sa libreng hotline na magbibigay ng tulong sa mga botante. Ang mga PSA ay ibabahagi sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, pahayagan, social media, at sa electronic billboard ng County upang maipaabot sa lahat ng mga botante, kabilang ang mga botante na may mga kapansanan at mga botante na minorya sa wika. Ang LAAC, VAAC, at VEOAC ay magbibigay ng tulong sa pagbuo ng nilalaman ng PSA. Ang PSA ay ibibigay sa mga outlet na nakalista sa Appendix C. Ang isang pangkalahatang timeline para sa PSA at pakikipag-ugnayan sa ibang outlet ng media ay makikita sa Appendix F.

III. MGA SERBISYO NG BOTANTE

A. Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may Limitadong Karunungan sa Ingles

Sinasalin ng Sacramento County ang lahat ng mga materyales sa halalan sa wikang Espanyol at Chinese, bilang pagsunod sa The Voting Rights Act of 1965. Bilang karagdagan, ang batas ng estado ay ay humihiling sa County na magbigay ng tulong sa mga wika at nakasalang mga kopya ng opisyal na balota sa mga sumusunod na mga wika: Vietnamese, Tagalog, Punjabi, Korean, at Hmong.

1. *Komite ng Pagpapayo ng Pagkakamit sa Wika*

Itinatag ng VRE ang LAAC bilang isang komite ng pagpapayo sa mga mamamayan upang gumawa ng mga rekomendasyon sa pagpapabuti ng pag-access sa wika sa pagboto at mga materyales sa halalan. Ang LAAC ay idinisenyo upang magpayo at magbigay tulong sa pagkamit sa estado at pederal na iniutos na mga kinakailangan sa wika. Ang VRE ay makikipagtulungan sa mga miyembro ng LAAC at mga kasosyo sa komunidad upang magbigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa wikang mga pangangailangan.

2. *Mga Workshop sa Edukasyon*

Bilang bahagi ng pagsusumikap sa kanilang outreach, ang VRE ay magpapatuloy sa kanilang outreach sa mga botanteng minorya sa wika. Makikipag-ugnay ang VRE sa mga miyembro ng LAAC at mga kasosyo sa komunidad upang magbigay sa mga botante ng tulong sa wika at mga pang-edukasyong mga workshop. Ang mga workshop ay gaganapin sa Setyembre 2019 hanggang sa Pebrero 2020. Tutukuyin pa ang mga lokasyon at ito ay pagsasamahin sa isang umiiral na kaganapan sa komunidad. Ang pag-aanunsiyo sa mga workshop na ito ay gagawin sa pamamagitan ng social media, kabilang ang Next Door, at sa pamamagitan ng pinagkakatiwalaang mga kasosyo sa komunidad. Sa mga workshop na ito, ang VRE ay magbibigay

ng:

- Pagpaparehistro ng Biligual na Botante o Bilingual Voter Registration na mga form *ang Bilingual registration na mga form ay hindi ibinigay ng Kalihim ng Estado sa wikang Punjabi o Hmong
- Pagbago ng Kagustuhan sa Wika o Language Preference Update na mga form
- Mga halimbawang isinalin na facsimile na mga balota na may mga tagubilin sa botante, na kilala rin bilang reference na mga balota
- Isinaling VCA na mga materyales sa lahat ng estado at pederal na kinakailangang mga wika para sa County ng Sacramento.

3. *Media/Advertising*

Ang mga pahayag na ipinamamahagi sa buong County ng Sacramento ay mag-aanunsyo sa libreng hotline na magbibigay ng tulong sa mga botante. Ang libreng hotline na ito ay magbibigay ng tulong sa wikang Ingles, Espanyol at Chinese na may kasamang kakayahang kumonekta sa mga tagasalin na siyang nakapagbibigay ng access sa mahigit sa 200 na mga wika at mga dayalekto. Bilang karagdagan, ang mga patalastas sa media sa wikang Espanyol, Chinese, Vietnamese, Tagalog, Punjabi, Hmong, at Korean ay mabibili upang maisulong ang libreng hotline na magbibigay ng tulong sa mga botante, bilang magagamit sa loob ng County. Ang mga kasosyo sa media, kabilang ang multilingual media, ay kasama sa Appendix C.

4. *Mga Materyales sa Kahaliling mga Wika*

Ang bawat nakarehistrong botante ng County ng Sacramento ay papadalhan ng isang Vote by Mail (VBM) na balota simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang lahat ng opisyal na mga balota ay trilingual sa wikang Ingles, Espanyol, at Chinese. Isang sobre para sa pagsauli ang ibibigay sa wikang Ingles at Espanyol. Kung itinalaga ng botante ang wikang Chinese bilang mas gustong wika sa kanilang rehistro sa pagboto, isang sobre para sa pagsauli ang ibibigay sa wikang Ingles at Chinese. Ang County Voter Information Guide at Vote Center at Drop Box na mga publikasyon ay nasa wikang Ingles, Espanyol, at Chinese.

Ang mga kopya ng opisyal na mga balota na naka-facsimile, na tinukoy bilang “reference ballots” sa County ng Sacramento, ay isinalin sa wikang Vietnamese, Tagalog, Punjabi, Hmong, at Korean. Sa ilalim ng California Election Code 14201, ang reference ballot ay kailangang maibahagi sa Vote Centers sa nakatalagang mga wika kung ito ay napagpasyahan na 3% o mas mahigit na grupo ng minorya sa wika sa loob at paligid ng presinto ay nagsasalita ng wikang Ingles nang mas mababa sa napakahusay. Ang reference ballot ay ipinapadala sa mga botante na humiling ng mga materyales sa halalan sa kanilang kani-kanilang wika at nakatira sa loob ng tinukoy na presinto. Ang mga botante na nakatira sa labas ng tinukoy na presinto ay maaaring makipag-ugnay sa VRE upang humiling ng isang reference ballot na

ipadala sa kanila sa pamamagitan ng pag-email sa vbm@saccounty.net o pagtawag sa (916) 875-6155. Bilang karagdagan, ang mga reference ballot na nakasalin sa limang wika ay makikita din sa bawat Vote Center at karagdagang mga kopya ay maaaring mailimbag ng kawani Vote Center kung hihilingin.

Ang sinumang botante ay maaaring humiling ng isang kapalit na balota sa pamamagitan ng pagtawag sa (916) 875-6155 o (800) 762-8019, sa pamamagitan ng pag-email sa kahilingan sa vbm@saccounty.net, sa pamamagitan ng pag fax sa kahilingan sa (916) 854-9796, nang personal sa isang Vote Center, sa opisina ng VRE, o sa pamamagitan ng online na Accessible Vote by Mail (AVBM) na sistema na magagamit sa wikang Ingles, Espanyol, at Chinese.

5. *Bilingual na Tulong sa mga Sentro ng Pagboto*

Sa ilalim ng California Election Code 12303, isang makatwirang pagsisikap ang dapat gawin upang patnugutan ng bilingual na mga Opisyal ng Halalan ang nakatalagang mga lokasyon sa buong County ng Sacramento kung saan 3% o higit pa sa nakakabotong populasyon ay hindi masyadong marunong magsalita ng wikang Ingles. Bawat county ng California ay may kanilang sariling pamamaraan para sa pagtukoy kung saang mga presinto ang nangangailangan ng isang bilingual na Opisyal ng Halalan. Ang mga impormasyon ng botante tulad ng lugar ng kapanganakana, apelyido, at wikang gusto ay ginamit upang matukoy ang mga lugar kung saan maaaring kinakailangan ang bilingual na tulong. Ang Census and American Community Survey na impormasyon, tulad ng naaangkop sa Election Codes 14201 at 12303, ay ginamit upang matukoy ang mga presinto na nakakatugon sa 3% na pasimula. Bilang karagdagan sa mga kahilingan ng botante mula sa Voter Registration Forms at sa pagpaparehistro online, tinutukoy ng VRE ang mga sumusunod na naaangkop na paglalagay ng bilingual na kawani:

- Mga card sa Pagsusuri sa Karanasan ng Botante: ipinamamahagi ng VRE ang Voter Experience Survey cards sa Voter Centers na nag-uugnay sa mga botante sa isang online na pagsusuri upang ipaalam sa VRE kung sila ay gumamit ng tulong sa wika.
- Mga sheet ng Komento sa Vote Center: ang mga manggagawa sa Vote Center ay hinihiling na gumamit ng Comment Sheets upang subaybayan ang mga botanteng pumupunta sa Vote Centers at humiling o gumamit ng tulong sa wika malibang sa wikang Ingles. Ang pamamaraang ito ay ayon sa pagpapasya at pakikilahok ng mga Opisyaless ng Halalan, bagaman hindi perpekto, ngunit nakakatulong sa pagtukoy sa tiyak na mga presinto na maaaring nangangailangan ng tulong na bilingual para sa darating na mga halalan.
- Mga Grupo ng Pagpapayo: itinuturing ng VRE ang mga puna at mga mungkahing sa mga bahaging maaaring ang karagdagang tulong sa wika ay kinakailangan mula sa mga grupo ng pagpapayo tulad ng LAAC ng County ng Sacramento.

- Grupo ng Adbokasya: ang VRE ay kumukonsulta sa iba't ibang grupo sa komunidad at mga organisasyon na nagtataguyod para sa pagbibigay ng access sa wika sa buong County ng Sacramento. Ang mga grupong ito ay tumutulong sa VRE na tukuyin ang mga populasyon ng minorya sa wika sa County ng Sacramento.

Ang mga Vote Center na nangangailangan ng tulong sa wika ay nakilala ng Kalihim ng Estado ng California sa pamamagitan ng U.S. Census data. Isang listahan ng tulong sa wika ang magagamit sa bawat Vote Center na nakalimbag sa County Voter Information Guide (CVIG) at ito ay makikita sa VRE na website. Ang karagdagang pangangailangan ng tulong sa wika ay isasaalang-alang sa pamamagitan ng mungkahi ng publiko na proseso, kabilang ang mungkahi na ibinigay ng LAAC ng County.

Sisikapin ng VRE na kumuha ng kahit isang Opisyal ng Halalan na nagsasalita ng wikang Espanyo at wikang Chinese para sa bawat Vote Center upang magbigay ng tulong. Kung ang isang Vote Center ay nasa, o katabi, sa isang presinto na may ibang mga pangangailangan na wika, gagawin ng VRE ang bawat pagsisikap upang kumuha ng mga Opisyal sa Halalan na marunong magsalita sa ganung wika. Ang VRE ay nagbibigay ng Language Line bilang isang alternatibong pamamaraan ng tulong sa wika na maaaring magamit ng Opisyal sa Halalan na tawagan at makipag-usap sa isang tagasalin upang tumulong sa pakikipag-usap sa mga botante na may mahigit sa 200 na iba't ibang mga wika at mga diyalekto. Ang naa-access na aparato sa pagmamarka sa balota ay naglalaman ng nilalaman ng balota at audio sa wikang Ingles, Espanyol, Cantonese, Mandarin, at Taiwanese.

B. Ang mga Botanteng may mga Kapansanan

Nakatuon ang VRE na makipagtulungan sa mga botante na may mga kapansanan upang madagdagan ang accessibility sa demokratikong proseso. Ang VRE website ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap na ito at sa mga mapagkukunan na magagamit ng mga botante na may mga kapansanan, kabilang ang Accessible Vote by Mail na sistema, ang mga serbisyo para sa may kapansanan na makikita sa mga Vote Center, pagkakaroon ng mga materyales sa halalan sa alternatibong mga format, at ang VAAC. Ang mga botante ay hinihikayat na makipag-ugnay sa VRE sa partikular na tulong sa pamamagitan ng pag-email sa voter-outreach@saccounty.net.

1. Komite ng Pagpapayo sa Pag-access sa Pagboto

Itinatag ng VRE ang VAAC bilang komite sa pagpapayo para sa mga mamamayan upang gumawa ng mga rekomendasyon sa pagpapabuti sa access sa pagboto at mga materyales ng halalan habang tinutulongan na makilala at matanggal ang mga hadlang. Ang VAAC ay idinisenyo upang payuhan at tulungan na matiyak na ang lahat ng mga botante ng County ng Sacramento ay maaaring bumoto nang malaya at pribado. Makikipag-ugnay ang VRE sa mga miyembro at mga kasosyo sa komunidad upang magbigay

ng impormasyon at mga pagpipilian sa alternatibong pagboto sa mga botanteng may mga kapansanan.

2. *Mga Workshop sa Edukasyon*

Itatampok ng mga Workshop ang isang demonstrasyon ng mga naaangkop na pagpipilian sa pagboto ng VRE, kabilang ang Accessible Vote by Mail (AVBM) na sistema at naa-access na aparato sa Vote Center (Dominion's ICX). Ang mga workshop ay itatalaga sa Setyembre 2019 hanggang sa Pebrero 2020. Kikilalanin pa ang mga lokasyon at ito ay isasama sa isang umiiral na kaganapan sa komunidad. Ang pag-aanunsyo sa mga workshop na ito ay gagawin sa social media, kabilang ang Next Door, at sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang mga kasosyo sa komunidad. Sa mga workshop na ito, magbibigay ang VRE ng:

- Aplikasyon para sa Accessible Vote by Mail (para sa isang link na ipinadala sa botante)
- Isang laptop na may demonstrasyon ng AVBM interface at audio
- ICX na Aparato sa Pagmamarka sa Balota, na may isang huwad na balota
- Pagkakaroon ng mga materyales sa alternatibong mga ayos (malaking limbag, mga hakbang na audio, naa-access na County Voter Information Guide, at pagkakaroon ng alternatibong mga ayos para sa materyales sa halalan sa estado.

3. *Media/Advertising*

Ang pagpapahayag ay ipinamamahagi sa buong County ng Sacramento at ipapahayag nito ang libreng hotline na magbibigay ng tulong sa mga botante sa wikang Ingles, Espanyol at Chinese at may kakayahang makipag-ugnay sa mga botanteng may mga kapansanan na may TTY (Text Telephone), na nagpapahintulot sa mga botanteng bingi, mahirap makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita na gamitin ang telepono upang kaipag-ugnay sa kawani ng VRE.

Ang VRE ay maaaring gumamit ng tulong at mga rekomendasyon kung paano pinakamahusay na naabot ang mga botanteng may mga kapansanan. Mangyaring mag-email sa voter-outreach@saccounty.net para sa mga ideya sa media.

4. *Mga Materyales sa Alternatibong mga Ayos*

Ang mga botanteng may mga kapansanan ay may maraming mga pagpipilian sa pagboto. Naghahanda ang VRE ng isang County Voter Information Guide (CVIG) para sa bawat halalan na naglalaman ng impormasyon tungkol sa proseso ng VBM process kabilang na ang mga tagubilin sa paggamit ng AVBM na sistema. Ang CVIG ay makukuha sa malaking-limbag, sa pamamagitan ng online na PDF, at isang pagpipilian na tinatawag na screen reader gamit ang VRE Voter Look-up Tool. Ang mga panukala ay inihanda sa audio na ayos sa

aming website simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang malaking limbag na mga CVIG at ang mga panukala sa audio ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pag-email sa voter-outreach@sacounty.net o sa pagtawag sa VRE sa (916) 875- 6451. Ang mga panukala sa audio ay makikita rin sa mga sumusunod na mga lokasyon:

- Braille & Talking Book Library, 900 N Street #100, Sacramento, CA 95814
- Folsom Library, 411 Stafford Street, Folsom, CA 95630
- Sacramento Central Library, 828 I Street, Sacramento, CA 95814
- Sacramento Society for the Blind, 1238 S Street, Sacramento CA 95811
- Sacramento County Voter Registration & Elections, 7000 65th Street, Suite A, Sacramento, CA 95823

Ang kumpletong listahan kung paano naa-access ang alternatibong mga ayos ay makikita sa [VRE website](#).

5. *Accessible Vote by Mail (AVBM)*

Ang lahat ng mga county ay kinakailangang magbigay ng isang naa-access na Vote by Mail na pagpipilian para sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang sistemang ito ay nagpapahintulot sa mga botante na makita ang kanilang tamang balota sa online at markahan ang kanilang mga pinili gamit ang kanilang sariling tumutulong na teknolohiya. Sa sandaling minarkahan ang mga pagpipilian sa balota, kinakailangang iprint ng botante ang kaniyang mga pinili at ibalik sa pamamagitan ng mail, o sa isang Ballot Drop Box, sa isang Vote Center, o opisina ng VRE. Isang video na demonstrasyon nang pahakbang-hakbang ang makikita sa [VRE website](#).

Ang isang botante na may kapansanan ay maaaring humiling ng isang link sa AVBM na sistema sa pamamagitan ng pagpapadala ng postage-paid na aplikasyon sa likod ng County Voter Information Guide. Ang aplikasyon o link ay hindi kinakailangan upang magamit ang AVBM na sistema at maaaring ma-access sa online gamit ang VRE Voter Look-up na tool.

Ang mga botante na pumiling gamitin ang sistemang ito ay kinakailangang kumumpirma na sila ay may kapansanan, kailangang may koneksyon sa internet, at kailangang may printer upang maiprint ang kanilang mga pinili sa balota. Samantalang ang lahat ng mga botante ay nakakatanggap ng mga balota sa pamamagitan ng koreo, maaaring gamitin ng isang botanteng gumagamit ng AVBM na sistema ang pink na sobre na kanilang natanggap upang ibalik ang balota, maaari rin silang mag-download ng isang template na sobre mula sa AVBM na sistema, o maaari silang kumuha ng isang kapalit na sobre sa saanmang Vote Center o Ballot Drop Box na lokasyon. Ang pink na mga sobre na ipinadala sa bawat botante ay may dalawang butas upang ipahiwatig kung saan lalagda ang botante.

Ang lahat na mga sobre ay kailangang lagdaan o markahan ng isang pagkilala na marka ng botante bago mabilang ang balota. Kung ang sobre ay hindi nalagdaan, o kung ang lagda ay hindi tumutugma sa lagda na nasa file ng botante, makikipag-ugnay ang VRE sa botante upang suriin ang kanilang impormasyon.

Upang suriin kung natanggap ng VRE ang balota, maaaring tingnan ng botante ang [VRE website](#).

6. *Access sa Sentro ng Pagboto*

Ang mga lokasyon ng Vote Centers at Ballot Drop Box ay pinipili gamit ang mga tagubilin ng ADA mula sa Polling Place Accessibility Checklist. Ang listahan na ito ay ginamit upang matukoy ang mga naa-access na mga lokasyon. Kung nakitaan ng isang hadlang na maaaring humadlang sa isang botante na pumasok sa isang Vote Center o gumamit ng Ballot Drop Box, gagawa ang VRE ng mga pagbabago sa o bago ang Araw ng Halalan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitan at mga palatandaan. Anumang mga katanungan tungkol sa pagpunta sa isang Vote Center o Ballot Drop Box na lokasyon ay maaaring itungo sa Precinct Operations sa pamamagitan ng pag-email sa precinctoperations@saccounty.net o sa pagtawag sa (916) 875-6100.

Ang lahat ng mga Vote Centers ay magkakaroon ng hindi bababa sa dalawang nagagamit na booth sa pagboto para sa isang upuan o wheelchair magnifying glasses o lente, at mahigpit na panulat o pen grips. Magkakaroon ng hindi bababa sa tatlong naa-access na aparato sa pagmamarka sa balota na maaaring magpaunlak sa isang upuan o wheelchair. Sa isang Vote Center, ang sinumang botante ay maaaring gumamit ng mga aparato na ito upang markahan ang kanilang balota nang malaya at pribado. Matapos mag check-in sa Opisyal ng Halalan, ang mga botante ay bibigyan ng isang key card na pumupuno sa naa-access na aparato ng kanilang balota. Ang balota ay maaaring markahan gamit ang touch screen display, ang ibinigay na audio tactile na aparato na may braille, o ang kanilang sariling tumutulong na teknolohiya o assistive technology. Ang mga pangunahing tampok ay kinabibilangan ng:

- isang touchscreen tablet, na may pagpipiliang baguhin ang laki ng text at kaibahan ng tablet
- isang Audio Tactile Interface (ATI) keypad na may Braille
- Headphones at audio na mga tagubilin sa wikang Ingles, Espanyol, Mandarin, Cantonese, at Taiwanese
- Isang pribadong takip , para sa mga botanteng may malabong paningin upang matiyak na ang kanilang mga boto ay nananatiling pribado habang gumagamit ng mga audio na tagubilin
- Kakayahan ng mga botante na gumamit ng kanilang sariling Paddle o Sip and Puff assistive na aparato

Ang makinarya na ito ay hindi naglilista o nagbibilang ng anumang mga boto. Kapag natapos na ang pagmamarka sa kanilang balota, kailangang iprint ng botante ang kanilang mga napili at ilagay ang naiprintang balota sa ballot box. Walang impormasyon ng botante ang naiiwan sa anumang aparato ng pagmamarka sa balota, tinitiyak na ang lahat ng mga balota ay nananatiling lihim at pribado.

Ang sinumang botante na hindi nakakapunta sa Vote Center ang personal ay may pagpipilian na humiling ng curbside voting. Ang mga botante ay maaaring tumawag sa VRE sa (916) 875-6100, o magdala ng pasahero o kaibigan na siyang papasok sa Vote Center at gumawa ng kahilingan. Ang kawani ng Vote Center ay magdadala ng isang kapalit na balota sa kanilang sasakyan. Upang humiling ng curbside voting, ang mga botante ay maaaring makipag-ugnay sa Precinct Operations sa pamamagitan ng pag email sa precinctoperations@saccounty.net o pagtawag sa (916) 875-6100. Ang opisina ng VRE, na matatagpuan sa 7000 65th Street, ay may aparato sa pagmamarka sa balota na magagamit simula 29 bago ang Araw ng Halalan, kabilang na rin ang curbside voting na mapagpipilian.

7. *Mga Mapagpipilian na Ballot Pick-up*

Ang VRE ay nagbibigay din ng impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang ito kasama ang aplikasyon para sa balota sa mga ospital, independent living centers, disability partners, mga organisasyon sa komunidad, at mga tagapagtaguyod. Tingnan ang Appendix A para sa listahan ng mga kaganapan sa komunidad at mga kasosyo.

Ang bawat nakarehistrong botante ng County ng Sacramento ay papadalhan ng isang Vote by Mail (VBM) na balota simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang sinumang botante ay maaaring humiling ng isang kapalit na balota sa pamamagitan ng pagtawag sa (916) 875-6155 o sa (800) 762-8019, sa pamamagitan ng pag-email ng kahilingan sa vbm@saccounty.net, sa pamamagitan ng pag-fax sa kahilingan sa (916) 854-9796, sa pamamagitan ng pagpunta sa isang Vote Center, sa opisina ng VRE, o sa pamamagitan ng online AVBM na sistema.

IV. PAGTUGON SA MGA PUWANG SA PAKIKILAHOK

Layunin ng VRE at ng County ng Sacramento na tiyaking may pantay na access sa ballot box ang mga botanteng mamamayan. Ang VRE ay gumagawa ng bawat pagsisikap upang makadalo sa mga kaganapan, magbigay ng mga presentasyon, at magbigay ng impormasyon sa mga lugar na ayon sa nakaraan ay may mababang bilang ng mga mamamayang bumoto. Ang VRE ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa halalan sa mga care homes, mga ospital, cramento County Mental Health Department, mga opisina ng Military at mga opisina sa Passport. Ang mga materyales ay pinapadala kabilang ang isang cover letter, isang flyer tungkol sa halalan upang

maipaskil, mga aplikasyon sa balota, mga form sa pagpaparehistro, at mapa ng mga hangganan ng distrito.

Pagpaparehistro para sa Pagboto

Ang mga pwedeng bumoto na mga residente ng County ng Sacramento ay maaaring diretsong magparehistro sa pagboto sa online website ng Kalihim ng Estado sa: <https://registertovote.ca.gov/>, o puntahan ang website ng estado sa pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng isang link mula sa VREW website: www.elections.saccounty.net. Ang mga residente ay maaari ring kumuha ng isang form para sa pagpaparehistro sa pagboto sa opisina ng VRE, mga City Halls, mga library, mga post office, at karamihan sa mga opisina ng gobyerno sa buong County. Ang mga ahensya ng County ng Sacramento na tumutulong sa mga may mababang kita na mga pamilya at mga indibidwal na may mga kapansanan ay nagbibigay ng mga form para sa pagpaparehistro sa pagboto sa kanilang mga kliyente. Ang Department of Motor Vehicles (DMV) at Secretary of State (SOS) ay may nakatalagang isang California Motor Voter Program ayon sa utos ng AB 1461. Sa panahon ng mga transaksyon sa DMV, ang bagong programa na ito, ay awtomatikong nagrerehistro sa sinumang mamamayan na pwedeng bumoto maliban kung ang mamamayan na iyon ay pumiling hindi magparehistro. Magpapadala din ang VRE ng isang form sa pagpaparehistro kung hihilingin.

Ang VRE ay nagbibigay ng National Voter Registration Act (NVRA) na mga mapagkukunan at kasanayan sa mga ahensya ng County na tumutulong sa mga may mababang kita na mga residente at mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang VRE ay magbibigay ng karagdagang mga materyales, impormasyon, at kasanayan kung hihilingin sa mga coordinator at kawani ng mga ahensya ng County.


Ang VRE ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga Karapatan sa pagboto at mga halalan sa Main Jail, sa Rio Cosumnes Correctional Center (RCCC), at sa Youth Detention Center ng County ng Sacramento upang ibahagi ito sa mga preso. Ang mga materyales na ipapadala ay kinabibilangan ng isang cover letter, isang flyer tungkol sa halalan na maaring ipaskil, mga aplikasyon sa VBM, mga form sa pagpaparehistro, at mapa ng mga hangganan ng mga distrito. Ang isang awtorisadong kinatawan mula sa bawat pasilidad ay magdadala ng nakumpletong form sa pagpaparehistro at mga aplikasyon sa VBM sa VRE para sa pagproseso. Ang aplikasyon sa VBM ay isang awtorisasyon na kunin ang mga VBM na balota para sa sinumang mga botante na hindi kayang kumuha ng kanilang sariling balota, kabilang na ang mga preso. Sa panahong naibigay na ang mga balota, isang kinatawan ang babalik upang kunin ang mga VBM na mga balota para sa mga preso na maaaring ibalik sa pamamagitan ng personal or ng koreo.

Pagkolekta at Pagsusuri ng Data

Kasunod ng bawat halalan na isinasagawa sa ilalim ng VCA, susuriin ng VRE ang mga komento na natanggap mula sa mga botante at hihingi ng input mula sa LAAC, VAAC, VEOAC at mga kasosyo sa komunidad kaugnay ng data na nakolekta alinsunod sa California Election Code 4005. Ang VRE ay gagawa ng makatwirang

mga pagsisikap upang matuguan ang mga makabuluhang pagkakaiba na tutukuyin bawat item.

Ang VRE ay magsasagawa ng isang pagsusuri sa pakikilahok ng botante sa pamamagitan ng pinagsama-samang presinto matapos ang Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 2018. Habang ang County ay nakaranas ng pinakamalaking turnout para sa isang midterm na halalan, may isang lugar sa County na nakaranas ng pagbaba sa turnout ng botante. Ang lugar na ito ay makikita sa ibaba bilang asul na presinto sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2018 na mapa at may isang malaking konsentrasyon ng botanteng walang tirahan at lumilipas.



Upang matugunan ang natukoy na puwang sa pakikilahok ng botante, nakatuon ang VRE sa:

- Pagkuha at pagsisiyasat sa potensyal na mga lokasyon sa komunidad na maaaring mag-host ng naa-access na Vote Center
- Makipagpulong sa mga ahensya na nagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad, kabilang ang Women's Empowerment, Francis House, Maryhouse, Loaves & Fishes, at Salvation Army upang magbigay ng impormasyon sa botante, mga form sa pagpaparehistro sa pagboto, at mga and flyers/posters para sa 2020 na halalan
- Magsagawa ng isang programa sa pagpaparehistro bago ang bawat halalan sa Loaves & Fishes

Bilang karagdagan, natukoy ng VRE ang iba't ibang lugar ng County ng Sacramento kung saan ang pakikilahok ng botante ay mababa sa karaniwan para sa County. Ang mga presintong ito ay pinagsama ayon sa zip codes upang makatulong sa pag-aanunsyo at outreach sa partikular na mga komunidad. Ang listahan ng mga zip codes sa ibaba ay gagamitin ng VRE at ng aming Opisyal sa Komunikasyon & Media upang madagdagan ang antas ng digital na pag-aanunsyo sa partikular na mga lugar, pati na rin sa ibang mga komunidad upang makatulong sa pag-anunsyo at magpakalat ng impormasyon sa halalan.

Turnout ng Botante ayon sa Zip Code, Nobyembre 2018

| Zip Code | Mga Botante | Tantiya | Turnout |
|----------|-------------|---------|---------|
| 95832 | 4,362 | 2,118 | 48.5% |
| 95838 | 15,396 | 7,550 | 49.0% |
| 95824 | 9,434 | 4,769 | 50.5% |
| 95652 | 233 | 121 | 51.9% |
| 95815 | 9,712 | 5,072 | 52.2% |
| 95823 | 29,880 | 15,986 | 53.5% |
| 95660 | 12,728 | 6,925 | 54.4% |
| 95828 | 25,741 | 14,334 | 55.7% |
| 95842 | 13,967 | 8,145 | 58.3% |
| 95673 | 7,582 | 4,658 | 61.4% |
| 95827 | 10,663 | 6,577 | 61.7% |
| 95843 | 21,939 | 13,542 | 61.7% |
| 95678 | 22 | 14 | 62.8% |
| 95820 | 17,419 | 11,066 | 63.5% |
| 95841 | 9,135 | 5,835 | 63.8% |
| 95833 | 18,544 | 11,954 | 64.4% |
| 95626 | 2,863 | 1,875 | 65.4% |
| 95829 | 15,326 | 10,087 | 65.8% |
| 95822 | 22,946 | 15,279 | 66.6% |
| 95834 | 13,703 | 9,156 | 66.8% |
| 95655 | 2,295 | 1,560 | 68.0% |
| 95757 | 24,561 | 16,705 | 68.0% |
| 95670 | 28,518 | 19,410 | 68.0% |
| 95610 | 22,574 | 15,394 | 68.2% |
| 95632 | 14,917 | 10,181 | 68.2% |
| 95825 | 14,838 | 10,187 | 68.6% |
| 95758 | 33,838 | 23,261 | 68.7% |
| 95621 | 22,844 | 15,716 | 68.8% |
| 95624 | 35,585 | 24,547 | 69.0% |
| 95742 | 7,030 | 4,868 | 69.2% |
| 95826 | 21,472 | 14,954 | 69.6% |
| 95821 | 17,846 | 12,552 | 70.3% |
| 95811 | 4,764 | 3,370 | 70.7% |
| 95835 | 20,311 | 14,423 | 71.0% |
| 95830 | 538 | 386 | 71.8% |
| 95817 | 8,047 | 5,816 | 72.3% |
| 95641 | 999 | 739 | 73.9% |
| 95680 | 31 | 23 | 74.1% |
| 95662 | 19,686 | 14,606 | 74.2% |

| | | | |
|-------|--------|--------|-------|
| 94571 | 82 | 61 | 74.9% |
| 95640 | 4 | 3 | 75.0% |
| 95814 | 5,093 | 3,842 | 75.4% |
| 95608 | 36,372 | 27,499 | 75.6% |
| 95831 | 26,545 | 20,530 | 77.3% |
| 95639 | 114 | 88 | 77.3% |
| 95630 | 40,907 | 31,757 | 77.6% |
| 95628 | 27,158 | 21,136 | 77.8% |
| 95615 | 354 | 276 | 78.1% |
| 95693 | 4,645 | 3,659 | 78.7% |
| 95638 | 1,297 | 1,023 | 78.8% |
| 95864 | 16,101 | 12,787 | 79.4% |
| 95690 | 874 | 696 | 79.6% |
| 95816 | 11,575 | 9,366 | 80.9% |
| 95818 | 14,332 | 11,667 | 81.4% |
| 95683 | 4,711 | 3,912 | 83.0% |
| 95837 | 136 | 113 | 83.1% |
| 95819 | 12,412 | 10,476 | 84.4% |

V. **BADYET**

Ang VCA ay nangangailangan ng malawak na outreach at edukasyon sa botante tungkol sa proseso ng pagboto sa modelo ng Vote Center. Ang layunin ng VRE ay upang madagdagan ang pagpaparehistro ng mga botante, pakikilahok, at turnout.

Ang VRE ay nagbibigay ng in-house na suporta para sa paghahanda sa mga materyales sa outreach, mga pampublikong presentasyon at mga kaganapan sa komunidad. Kabilang sa badyet ang pagbili ng mga pag-anunsyo sa telebisyon, radyo, mga dyaryo, at social media, pati na rin ang paglilimbag at halaga ng pagpapadala para sa direct mailings sa mga nakarehistrong mga botante.

Ang impormasyon sa badyet para sa edukasyon at outreach ay makikita sa Appendix D. kung ang karagkdagang pera ay ibinigay para sa edukasyon sa botante at outreach na mga pagsisikap, babaguhin ang Appendix upang ipakita ang anumang mga pagbabago at mga karagdagan.

Ang County ng Sacramento ay nagkaroon ng paunang pagtitipid sa gastos sa pagbili ng kagamitan ng halos \$3 million para sa 78 na mga Vote Center kumpara sa paggastos ng tinatayang \$8 million sa ilalim ng isang modelo ng lugar sa pagboto. Maliban sa kagamitan, ang County ng Sacramento ay hindi nakaranas ng anumang mga pagtitipid sa gastos sa ilalim ng VCA tulad ng inaasahan, dahila ang anumang mga pagtitipid sa kagamitan ay na-offset sa halaga ng outreach, mga mailing, suporta sa Vote Center at higit sa oras na pagtatrabaho para sa pansamantalang mga kawani sa halip na sahod para sa mga Poll Worker, suporta sa IT at pagkakakonekta para sa mga Vote Center, at pansamantalang kawani na maglingkod sa Ballot Drop Boxes.

Gumastos ang County ng Sacramento ng humigit-kumulang \$40,000 sa bawat Vote Center upang itayo ang segurong lokasyon na may pagkakakonekta na may minimum na halaga ng kinakailangang kagamitan.

SEKSYON 2: PLANO NG PANGANGASIWA NG HALALAN

I. PANGKALAHATANG-IDEYA

Hinihiling ng California Voter's Choice Act (VCA) sa County na magpasa ng isang Election Administration Plan (EAP) sa publiko na naghahatid ng impormasyon kung paano mangangasiwa ang Sacramento County Voter Registration & Elections department (VRE) ang halalan sa ilalim ng VCA.

Ang County ng Sacramento ang pinakamalaki sa limang mga county na nagpatibay ng Voter's Choice Act para sa 2018 Statewide na Halalan. Ang parehong mga halalan ay nakaranas ng isang mataas na rekord ng pakikilahok ng mga botante para sa midterm election kung saan mahigit sa 94% lamang ng lahat ng mga botante ang gumamit ng kanilang Vote by Mail na balota sa halip na pagboto nang personal. Ang pagboto nang personal ay siyang pinakatanyag pa rin sa Araw ng Halalan sa buong County, kung saan nasa humigit-kumulang na 30 na mga Vote Center ang nakaranas ng mataas na linya at pagkaantala sa Araw ng Halalan. Ang VRE ay nagsusumikap upang magpatuloy ang mga pagpapabuti upang maproseso ang malaking bilang ng naibalik na Vote by Mail na mga balota at sa mga karanasan sa pagboto nang personal.

Ang plano na ito ay magbabalangkas sa mga kaganapan na nangyari upang pangasiwaan ang halalan sa ilalim ng VCA.

Mga Katanungan o Mga Alalahanin:

Toll-free hotline (800) 762-8019
California Relay Service 711
voterinfo@saccounty.net

II. MGA AKTIBIDAD BAGO ANG HALALAN

A. Pagsusuri sa 2018 na Halalan

Ang iba't ibang mga pamamaraan ng pagkolekta ng data ay isinagawa sa panahon ng pagpapatupad ng VCA sa County ng Sacramento noong 2018 upang tulungan ang VRE na mapabuti ang karanasan sa pagboto para sa susunod na mga halalan. Ang mga pamamaraang ito ay gagamitin din sa panahon ng 2020 na cycle ng halalan.

1. *Elektronikong mga Talaan ng Tawag*

Gumamit ang VRE Tenex Election Response na software upang subaybayan ang lahat ng mga tawag ng botante at mga insidente simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang pagsusuri sa mga talaan ng tawag na ito ay nakatulong sa VRE na kilalanin ang madalas na mga katanungan mula sa mga botante, ang hindi kasiyahan sa karanasan sa pagboto, kakayahang magamit ang mga materyales sa pagboto, at paano isinagawa ang kagamitan sa ilalim

ng bagong modelo. Natutunan ng VRE na ang ibang mga kagamitan, tulad ng printer ng opisyal na balota, ay hindi sapat upang mapaglingkuran ang dami ng mga botante na bumisita ng isang Vote Center sa Araw ng Halalan. Natutunan din ng VRE na ang pagmemensahe sa mga botante ay kailangang mapabuti, lalo na pagdating sa paglalarawan ng mga serbisyong magagamit sa isang "Vote Center" at "Drop Box". Ang mga talaan ng tawag na ito ay napakahalaga sa paglikha ng mga paghahanda para sa halalan 2020 at sa inaasahang mas mataas pa na turnout.

2. *Siyasat sa Karanasan ng Botante*

Isang elektronikong pagsisiyasat ang nilikha para sa mga botante upang ipaalam sa VRE ang kanilang karanasan sa pagboto sa isang Vote Center. Ang pagsisiyasat na ito ay partikular na dinisenyo para sa mga botanteng bumoto nang personal ngunit ang ibang mga pagsisiyasat ay kinumpleto ng mga botante na naghulog ng kanilang balota. Ang pagsisiyasat ay binuo ng 13 na mga tanong na may kaugnay sa karanasan ng isang botante, kabilang ang tulong na kinailangan sa isang Vote Center, kung paano nalaman ng mga botante ang tungkol sa mga pagbabago sa ilalim ng VCA, ang oras ng paghihintay, ang mga hadlang na naranasan, at pangkalahatang mga antas ng kaluguran sa Vote Center at sa kawani ng Voter Center. Ang pagsisiyasat na ito ay ginamit ng Precinct Operations Team upang makakuha ang Vote Centers ng mas marami pang puwang para sa susunod na mga halalan, pagbutihin ang kasanayan ng Kawani ng Vote Center, at tukuyin ang mga partikular na isyu na may kaugnayan sa bawat lokasyon ng Vote Center, tulad ng alalahanin sa paradahan. Nakatulong din ito sa grupo ng Outreach sa paghahanda para sa Pagmemensahe sa 2020 na Halalan, na sasamahan na ngayon ng "Vote Early & Avoid the Lines". Sa pangkalahatan, sa 517 na nakumpletong mga pagsisiyasat sa Nobyembre ng 2018, 80% ay nasiyahan o sobrang nasiyahan sa kanilang karanasan sa pagboto.

3. *Debrief ng Inspektor*

Nagtakda rin ang VRE ng ilang mga Inspector (Vote Center Supervisor) debriefing na mga sesyon pagkatapos ng parehong mga halalan upang mapagbuti ang kasanayan at matugunan ang mga alalahanin ng botante. Ang mga debriefing na ito ay ginawa sa ilang mga Sacramento Public Library sa buong County.

B. Mga Lupon ng Pagpapayo

Bilang karagdagan sa regular na mga pulong ng Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) at ng Language Accessibility Advisory Committee (LAAC), nagtatag ang VRE ng Voter Education & Outreach Advisory Committee (VEOAC) na buwanang nagpupulong upang talakayin ang pangkalahatang paksa sa halalan, tulad ng mga materyales sa opisyal na halalan, edukasyon at input ng outreach, mga alalahanin tungkol sa cybersecurity, at mga katanungan o mga alalahanin mula sa publiko. Ang komite na ito ay tumulong sa pagpabuti ng pink na Vote by Mail na sobrang ibinabalik ng botante, nagmungkahi sa pagpabuti ng

website, at nagbigay ng mahalagang puna para sa mga materyales sa outreach, kabilang ang pagtatag ng isang bagong brochure na tinatwag na “How to Run for Office”. Ang lupon ng pagpapayo na ito ay magpapatuloy na makikipagpulong nang regular sa panahon ng 2020 na halalan at isasama ang mga miyembro sa publiko, mga tagapagtaguyod, mga lungsod, mga distrito, at mga partidong politikal.

C. Sentro ng Pagboto & Balangkas ng Drop Box ng Balota

Hinihiling ng Election Code 4005 (Voter’s Choice Act) na ang bilang ng mga Vote Center at Ballot Drop Boxes ay nakabase sa kabuuan ng pagpaparehistro sa mga botante para sa County, 88 na araw bago ang Halalan. Upang matiyak ang isang sapat na pagpili ng mga Vote Center at mga Ballot Drop box, nagsimula ang mga pagsisiyasat sa potensyal na mga lokasyon noong Enero 2019 at kumpirmasyon para sa lokasyon ng 2020 Vote Center sa tagsibol ng 2019. Karamihan sa mga lokasyon, kabilang na ang mga aklatan at sentro ng komunidad, ay puno hanggang isang taon.

Upang makakuha ng ideya kung ilang mga lokasyon ang kailangan ng VRE upang magbigay at magserbisyo, isang pag-usli ang ginawa ng Registration Manager at GIS Analyst ayon sa nakaraang pagtaas ng pagpaparehistro sa halalan at sa turnout. Sa awtomatikong pagpaparehistro sa pamamagitan ng Motor Voter, ang bilang na ito ay maaaring tumaas. Ayon sa mga pag-usli na ito para sa parehong Marso at Nobyembre 2020, ang VRE ay nagtatrabaho upang kumpirmahin na:

- 84 Vote Centers (1 sa bawat 10,000 na nakarehistrong mga botante)
- 56 Ballot Drop Box na mga Lokasyon (1 sa bawat 15,000 na nakarehistrong mga botante)

Sa Setyembre 3, 2019, ang County ng Sacramento ay may 787,393 na mga botante.

Ang Election Code 4005 ay humihiling din sa mga county na isaalang-alang ang partikular na mga pamantayan sa paghanap ng mga Vote Centers para sa komunidad. Bago ang 2018, gumawa ang VRE ng isang pagsusuri sa pamantayan ng VCA at nailikha ang [VCA Story Map](#). Gagamitin ng VRE ang parehong data para sa 2020 Vote Center at sa Ballot Drop Box na mga lokasyon.

Ang isang kumpletong listahan ng mga minimum na mga kinakailangan sa Vote Center at impormasyon ng pagsusuri ay makikita sa Appendix G. Ang kumpletong listahan ng mga minimum na kinakailangan ng Ballot Drop Boxat impormasyon sa pagsusuri ay makikita sa Appendix H.

D. Kagamitan at Seguridad

Upang matiyak na ang lahat ng mga lokasyon ay may sapat na kagamitan sa pagboto, sinuri ng VRE ang pinaka tanyag na mga Vote Centers upang makita kung kinakailangan ng karagdagang kagamitan upang mapaunlakan ang dami ng

botante. Bilang karagdagan, ang kagamitan ay binili upang mapaunlakan ang mataas na porsyento ng mga botante na gumamit ng kanilang Vote by Mail na balota, kabilang ang bago, mabilis na Vote by Mail ballot sorter at ballot extractors na tinitiyak na pinapanatili ng lahat na mga botante ang kanilang karapatan sa isang pribadong balota.

Bilang karagdagan sa pagtiyak na may sapat na kagamitan ayon sa kasalukuyang badyet ng County, mayroon ding pangangailangan sa pagtiyak na ang lahat ng kagamitan ay ligtas. Ang VRE ay dumalo ng ilang mga cybersecurity workshops at webinars. Ang VRE, kasama ang Department of Technology (DTECH) ng county, ay gumagawa ng patuloy na mga pagbabago sa lahat ng software at kagamitan ayon sa pahintulot ng batas ng estado. Bilang karagdagan, mas maraming mga security cameras ang inilagay sa mga lugar kung saan pinoproseso ang mga balota. Isinasagawa din ang preventative maintenance sa kagamitan sa pagboto alinsunod sa mga pamamaraan sa paggamit ng kagamitan.

Sa Marso 2020, ang VRE ay magkakaroon ng mga eksperto sa seguridad upang suriin ang ating mga pamamaraan sa halalan at ang mga hakbang sa seguridad, pati na rin upang matiyak na ang mga kawani ay sinanay sa bagong mga protocol sa seguridad.

Ang pagbabalot at ang plano sa paghatid sa mga kagamitan sa pagboto at sa mga drop box ay tinutukoy din bago ang 2020. Maghahatid ang VRE ng 56 na mga ballot boxes isang linggo bago ang magbukas ang Ballot Drop Boxes, 29 araw bago ang Araw ng Halalan. Makikipag-ugnay ang VRE sa isang nakakontrata sa county na nagbebenta ng kagamitan upang ihatid ang Vote Center na kagamitan:

- 11 Day Vote Centers ihahatid simula Pebrero 20
- 4 Day Vote Centers ihahatid simula Pebrero 27

Kinakailangan nito ang paggamit ng 11 semi-trucks na may lift gate, 14 routes, at 40 na pansamantalang mga kawani upang dumalo sa isang apat na oras na pagsasanay kung paano itayo at gamitin ang kagamitan.

E. Outreach & Edukasyon

Magpapatuloy ang VRE sa edukasyon at outreach sa iba't ibang mga komunidad tungkol sa mga pagpipilian sa pagboto sa ilalim ng VCA. Ang planong ito ay makikita sa pahina 4 ng dokumentong ito.

III. MGA AKTIBIDAD SA HALALAN & SUPORTA

A. Pagsubok sa Lohika & Kawastuhan

Sisimulang aayusin ang lahat ng mga kagamitan para sa 2020 na Halalan sa Enero 2020, matapos matanggap ang napatunayang listahan ng mga kandidato mula sa Kalihim ng Estado. Ang pagsubok sa lohika at kawastuhan ay gagawin alinsunod sa batas ng estado para sa kagamitan sa pagboto, kabilang na ang mga printer sa balota, naa-access na mga aparato sa pagmamarka ng balota, at mga

tabulators. Isang pag-aanunsiyo mula sa media ang ilalabas bago ang simula ng Pagsubok sa Lohika & Kawastuhan. Ang proseso na ito ay bukas sa publiko.

B. Mga Materyal & Mapagkukunan sa Halalan

1. Gabay sa Impormasyon sa Botante ng County

Ang trilingual (English, Spanish, and Chinese) na County Voter Information Guide (CVIG) ay maglalaman ng sample na larawan ng balota para sa partikular na uri ng balota ng botante para sa bawat halalan. Ang gabay na ito ay naglalaman din ng detalyadong impormasyon sa Vote by Mail na proseso at sa mga pagpipilian para sa paghiling ng isang replacement VBM na balota at para sa pagsasauli ng isang VBM na balota, kabilang ang buong listahan ng Vote Center at mga lokasyon ng Ballot Drop Box. Ang Gabay na ito ay makukuha sa parehong malaking limbag at sa on-line na format. Ang Gabay ay maglalaman din ng isang postage-paid na aplikasyon sa likod na maaaring ipadala ng botante upang baguhin, kung meron, ang kanilang impormasyon, mas gustong wika, at humiling ng isang link sa Accessible Vote by Mail na sistema.

Isang naa-access na County Voter Information Guide, kasama ang mga audio na bersyon ng mga panukala, ang makikita sa VRE na website simula 29 araw bago ang Araw ng Halalan. Upang makita ang State Voter Information Guide na naglalaman ng impormasyon ng mga kandidato sa estado at mga proposisyon, bumisita sa: <https://www.sos.ca.gov/elections/>

2. Vote by Mail Ballot na Pakete

Ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Sacramento ay makakatanggap ng isang Vote by Mail na pakete sa mail. Ang paketeng ito ay naglalaman ng opisyal na balota ng botante, isang pink ballot return na sobre, isang listahan ng lahat ng mga lokasyon ng Ballot Drop Box, at isang "I Voted" na etiketa. Ang mga materyales sa halalan, tulad ng opisyal na mga balota, ay hindi ipinapadala ng US Postal Service (Election Code 3008(b)). Ito ay ibinabalik sa VRE para sa pagproseso.

3. Voter Postcards

Ang lahat ng nakarehistrong mga botante ay tatanggap ng dalawang postcards na nagpapaalam sa mga botante sa paparating na halalan at impormasyon sa pakikipag-ugnay. Ang unang postcard ay ipapadala sa mga botante bago ang County Voter Information Guides, at ang pangalawang postcard ay ipapadala sa mga botante bago magbukas ang 11 Day Vote Centers.

4. Website ng VRE

Simula 29 araw bago ang Araw ng Halalan, ang website ng VRE ay babaguhin ng mga sumusunod na mga impormasyon:

- Voter Look-up Tool, na nagpapahintulot sa sinumang botante ng County ng Sacramento na:

- Patunayan ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante
 - Patunayan na ang kanilang balota ibinoto ay natanggap ng County ng Sacramento
 - Hanapin ang pinakamalapit na Vote Center sa kanilang tirahan (kasama ang larawan ng Vote Center)
 - Ma-access ang kanilang County Voter Information Guide at na-access na balotaa.
- Ang Vote Center at Ballot Drop Box na mga lokasyon ay pinagsunod-sunod ayon sa Lungsod, na may mga oras ng opisina, at mga direksyon sa saanmang lokasyon sa pamamagitan ng Google Maps
 - Impormasyon sa audio ng mga Panukala sa County ng Sacramento
 - Mga resulta ng Halalan, sa HTML at interactive
 - Online toolkit para sa materyales sa outreach at mga publikasyon na nag-uugnay sa Voter's Choice Act

5. *SacVote Mobile App*

Ang SacVote Mobile App ay mada-download sa App Store para sa iOS at Android na mga telepono. Ang App ay may kasalukuyang mga impormasyon sa halalan, mga lokasyon ng Vote Center at Ballot Drop Off, isang voter lookup tool, mga resulta ng halalan at impormasyon sa pakikipag-uugnay sa VRE.

6. *Mga Pagpipilian sa Telepono/Relay*

Ang mga botante ay maaaring tumawag sa (800) 762-8019, 711, at 311 upang makakuha ng impormasyon tungkol sa halalan, kabilang ang mga lokasyon sa Vote Center at Ballot Drop Box. Ang VRE ay gumagamit ng isang tagapagsalin upang tulungan ang mga botante sa pagsalin ng mahigit sa 200 na mga wika sa pamamagitan ng telepono.

C. Mga Pagpipilian sa Pagboto & Access sa Balota

1. *Vote by Mail*

Ang mga botante ay maaaring pumili na gamitin ang kanilang opisyal na balota na kasama sa kanilang Vote by Mail na pakete simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Maaari nilang ibalik ang balota sa pamamagitan ng koreo, sa kahit saang Ballot Drop Box simula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan o kahit saang Vote Center. Ang pamalit na mga balota ay makukuha sa opisina ng VRE office at sa kahit saang Vote Center.

Kung ang botante ay hindi nakatanggap ng kanilang Vote by Mail na pakete, maaari silang tumawag sa opisina sa (800) 762-8019 para sa isang pamalit na pakete, bumisita sa opisina ng VRE, o bumisita sa kahit saang Vote Center kung ito ay bukas. Ang Vote by Mail na pakete ng botante ay maaaring kunin ng isang kaibigan o isang kamag-anak kung kukumpletuhin ng botante ang Emergency Authorization for Ballot Pick-up na form na makukuha sa website ng VRE website at sa kahit saang Vote Center.

Ang Vote by Mail na mga balota ay maaaring isauli sa pamamagitan ng mail (binayarang selyo), sa kahit saang Vote Center, o sa kahit saang Ballot Drop Box hanggang 8:00 ng gabi ng Araw ng Halalan. Kung nakaligtaan ng botante na lagdaan ang kanilang ibinalik na Vote by Mail na balota, o kung ang lagda na kanilang sinulat sa ibinalik na sobre ay hindi tumutugma sa kanilang file, ipagbigay-alam ito ng VRE upang maiwasto ang kanilang ibinalik na sobre bago ang sertipikasyon sa halalan. Ang mga tanggap na mga balotang naka-post sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng VRE sa loob ng tatlong araw ng halalan, ay bibilangin at idadagdag sa opisyal na mga resulta.

Ang lahat ng Vote Center at mga lokasyon ng Ballot Drop Box ay may iba't ibang oras ng opisina. Mangyaring tiyakin ang oras ng bawat lokasyon bago bumisita sa pamamagitan ng pagsuri sa iyong County Voter Information Guide, Vote by Mail na pakete, sa pagtawag ng 311, o sa pagbisita ng website ng VRE. Ang lahat ng mga Vote Centers ay bukas ng 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan lamang.

2. *Naa-access na Vote by Mail*

Ang mga botanteng may mga kapansanan ay maaaring gumamit ng online na programang Accessible Vote by Mail na pagmamarka sa balota sa pamamagitan ng website ng VRE o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng aplikasyon sa likod ng County Voter Information Guide. Matapos mailagay ng mga botante ang kanilang impormasyon sa pamamagitan ng Voter Look-up Tool sa website ng VRE, sila ay dadalhin sa isang webpage upang kumpirmahin na sila ay pwedeng gumamit ng programang pagmamarka sa balota. Pagkatapos, ang mga botante ay dadalhin sa kanilang tamang balota, ayon sa impormasyon ng kanilang tirahan, at sila ay maaaring gumamit sa elektronikong balota gamit ang keyboard, mouse, touchscreen, o ang kanilang sariling assistive na aparato. Kapag nakumpleto ng botante ang pagmamarka sa kanilang balota, sila ay may mga pagpipilian upang suriin ang kanilang mga pinili. Kapag napagpasyahan na ang kanilang mga pinili, kailangang iprint ng botante ang kanilang balota at ipadala ito gamit ang pink na sobre sa pagsauli na ipinadala sa kanila, isang pamalit na sobre na makukuha sa kahit saang Ballot Drop Box o Vote Center, o napi-print na template na sobre na makukuha online, kabilang na ang mga tagubilin.

Hindi kinakailangan ang aplikasyon upang magamit ang programang Accessible Vote by Mail.

3. *Mga Vote Center*

Ang sinumang residente ng County ng Sacramento ay maaaring bumisita sa kahit saang Vote Center simula 10 na araw bago ang Araw ng Halalan upang:

- Bumoto nang personal
- Kumuha ng pamalit na balota para sa kanilang sarili o para saiba

(karagdagang awtorisasyon na pagkuha na form ay kailangan at makukuha sa lahat ng mga Vote Center) Ang opisyal na pamalit na balota ay nakalimbag gamit ang using a Mobile Ballot Printer, na sertipikado ng Kalihim ng Estado

- Ihulog ang ginamit na balota
- Gumamit ng naa-access na aparato sa pagmamarka sa balota na tinatawag na ImageCast X (ICX), na sinasamahan ng isang touch screen, braille keypad, audio sa wikang Ingles, Espanyol, Mandarin, Cantonese, at Taiwanese, at input para sa paggamit ng assistive technology na aparato tulad ng paddles o sip and puffs (ang botante ay kailangang magbigay ng sariling assistive technology).
- Tumanggap ng tulong sa mga wika maliban sa wikang Ingles
- Magparehistro upang makabot sa unang pagkakataon, o baguhin ang kanilang rehistro sa pagboto gamit ang Conditional Voter Registration. Ang lahat na mga ginamit na mga balota ay ilalagay sa isang dilaw na balotang sobre upang iproseso sa opisina ng VRE

Ang mga botante ay maaaring bumisita sa kahit saang lokasyon upang kumuha ng tamang uri ng kanilang balota. Inaasahan ang mahabang linya para sa parehong mga halalan sa 2020. Ang Vote Centers ay bukas sa iba't ibang mga oras ngunit lahat ay bukas ng hindi bababa sa 8 oras sa bawat araw at ang lahat ng Vote Centers ay bukas 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

Nagpapatala ang mga botante sa pamamagitan ng isang ligtas na portal upang makita ang file ng botante. Kung naisauli na ng botante ang balota (ang lagda ay minarkahan bilang “mabuti”), hindi na sila makakakuha ng isang pamalit na balota. Kung ang balota ay hindi pa naisauli, o naisauli bilang “hinamon”, maaaring kumuha ng pamalit na balota ang botante kung saan ito ay magpapawalang-bisa sa ibang balota na ibinigay sa botante. Kapag ang balota ay naisauli sa kahit anong pamamaraan, sa personal o sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang Vote by Mail na balota, anumang ibang mga balota ay awtomatikong walang-bisa.

Ang lahat ng pagboto na isinagawa sa Vote Centers ay sumusunod sa pamantayan ng seguridad ng Kalihim ng Estado, mga pamamaraan sa seguridad ng VRE, at mga regulasyon ng California Elections Code at ng California Voting System Use Procedures. Ito ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, pagtiyak na ang lahat ng mga kagamitan sa Vote Center ay selyado, nakatago, naihatid at ginamit alinsunod sa mga regulasyon na ito. Bilang karagdagan, ang aming kasalukuyang mga pamamaraan ay nangangailangang ang karamihan sa mga manggagawa sa halalan ay naroroon pagbukas ng site.

Ang lahat na mga balotang ginamit ay ibabalik gabi-gabi sa pangunahing opisina ng VRE, kasama ang mga roster sheets na naglalaman ng lagda ng

mga botante at mga nasirang balota. Ang blanko na balotang papel ay nakatago nang ligtas sa magdamag sa Vote Center.

Ang lahat ng paghahanay ay isinasagawa sa sentrong opisina ng VRE. Walang paghahanay ang ginagawa sa kahit saang Vote Centers. Ang lahat na mga botante ay kinakailangang kumuha ng naka-print na papel na balota.

Sa ilalim ng mga kinakailangan sa sistema ng pagboto sa California, ang lahat ng sertipikadong mga kagamitan ay kailangang ipapatakbo gamit ang baterya kung sakaling mawalan ng kuryente. Ang lahat ng mga lokasyon ay may cell phone. Ang mga tumutugon sa panahon ng emerhensya ay tatanggap ng isang listahan ng lahat ng mga lokasyon ng Vote Center. Ang bawat Vote Center ay bibigyan ng mga pamamaraan sa panahon ng emerhensya at bibigyan ng isang manwal sa mga tagubilin para sa pagpapatakbo ng isang Vote Center at sa pagproseso sa mga botante.

Ang VRE ay agad nakikipagtulungan upang malutas ang anumang pagkagambala sa isang Vote Center, at bawat gambala ay may kaniyang sariling tugon. Sa pangkalahatan, kung ang isang Vote Center ay nagambala, magpapadala kaagad ang VRE ng kawani upang dalhin ang mga botante sa ibang Vote Centers, at ipagbigay-alam sa lokal na pulis, sa opisina ng Kalihim ng Estado, at bigyan ang media ng mga pagbabago upang tiyakin na may kaalaman ang mga botante. Kung may isang natural na sakuna o ibang kaguluhan na mangyayari na nakakaapekto sa isang Vote Center o pisikal na lokasyon ng Ballot Drop Box, magkakaroon ng karagdagang mga abiso, signage at kawani upang dalhin ang mga botante sa alternatibong lokasyon. Kung kailangang itigil ang lahat ng mga kaganapan sa isang Vote Center, kaagad sisiguruhin ng kawani na mga kagamitan sa Vote Center at panagutan ang mga materyales sa pagboto alinsunod sa California Election Code at sa Ballot Manufacturing and Finishing na mga tagubilin. Sisikapin ng VRE ma magbukas ng kapalit na Vote Center at gamitin ang lahat ng mga mapagkukunan na angkop upang mabigyan ng abiso ang publiko.

Kung anuman sa mga kagamitan ay ninakaw o lumilitaw na pinakialaman sa Vote Centers, ipapadala ang kapalit na kagamitan. Ang ninakaw na kagamitan ay magiging kawalan ng pananalapi sa County ng Sacramento na ngunit hindi ito nanganganib sa katapatan ng halalan. walang impormasyon ng botante ang iniwan sa mga laptop at mga at maramihang pagpapatunay ang kinakailangan upang gumawa ng anumang mga pagbabago sa naa-access na aparato sa pagmamarka sa balota o sa mobile ballot printer.

Gagamitin ang mga patnubay sa kaayusan upang tiyakin na ang mga puwesto sa pagboto at naa-access na mga aparato sa pagmamarka sa balota ay naihanay sa paraang nagpapahintulot sa mga botante na markahan ang kanilang balota nang malaya at pribado. Inaalala ng mga kaayusan ang naa-access na pangangailangan ng mga botante, at isasaayos upang mapaunlakan ang iba't ibang hugis at sukat ng bawat lokasyon. Ang isang

halimbawa ng kaayusan ay makikita sa Appendix E (ang format ay hindi na-access).

Ang isang listahan ng mga kumpirmadong mga lokasyong ng Vote Center na may oras ng operasyon ay makikita sa Appendix G. Ang mga mapa sa Vote Center maps ay maaaring mahanap sa Appendix I.

Ang karagdagang impormasyon sa seguridad ng VRE at Vote Center ay makikita sa Election Security and Action Plan.

4. *Ballot Drop Boxes*

Ang sinumang botante sa buong estado ay maaaring maghulog ng kanilang balota sa kahit saang lokasyon ng Ballot Drop Box sa estado sa panahon ng kanilang inilathalang oras ng operasyon. Ang pamalit na mga balota ay hindi makukuha sa Ballot Drop Boxes, gayunpaman, ang pamalit na mga sobre ay makukuha doon. Kailangang ilagay ng botante ang kanilang pangalan, tirahan, at lagda sa blankong pamalit na sobre para masala sa bilangan ang kanilang boto. Ang "I Voted" na mga etiketa at impormasyon sa pakikipag-ugnay sa VRE ay makukuha din sa bawat Ballot Drop Box na lokasyon. Ang mga botante ay makakabalik lamang ng mga balota sa mga lokasyon na ito sa oras ng operasyon ng lokasyon, tulad ng inilathala sa County Voter Information Guide, Vote by Mail na pakete, at SacVote Mobile App. Ang isang 24 oras na ballot box ay makukuha sa pangunahing opisina ng VRE sa 7000 65th Street, Sacramento, at sa City of Citrus Heights City Hall sa 6360 Fountain Square Drive, Citrus Heights.

Ang isang listahan ng kumpirmadong mga lokasyon ng Ballot Drop Box na may mga oras ng operasyon ay maaaring makita sa Appendix H. Ang mga mapa ng Ballot Drop Box ay maaaring matatagpuan sa Appendix I

D. **Pagsasanay sa mga Tauhan sa Sentro ng Pagboto (Manggagawa sa Botohan)**

Ang lahat ng kawani, kabilang ang mga nagtatrabaho sa mga Vote Centers, at sa mga nagbibigay ng suportang teknikal at pagsunod, ay dadalo ng pagsasanay sa pagpapatakbo ng mga kagamitan sa pagboto, pagsaayos ng isang Vote Center, pagtulong at pagproseso sa mga botante, pagseguro sa sensitibong mga kagamitan sa bawat gabi ng pagboto, at the tamang mga pamamaraan kung sakaling may emerhensya.

Simula sa Enero ng 2020, ang VRE ay magsasanay ng mahigit sa 1,000 na kawani ng Vote Center magtatrabaho sa mga Vote Centers. Pinapayagan ang publiko na dumalo sa ibang bahagi ng pagsasanay ngunit hindi ang hands-on na bahagi para sa pagcheck-in ng mga botante dahil sa mga alalahanin sa palihim at seguridad. Mangyaring makipag-ugnay sa PrecinctOperations@saccounty.net para sa karagdagang impormasyon.

IV. **MGA KAGANAPAN MATAPOS ANG HALALAN– Maaaring obserbahan ng**

publiko ang anumang proseso sa halalan

A. Canvass – Pagboto sa pamamagitan ng Mail (Vote by Mail)

Simula 10 araw bago ang Araw ng Halalan, sisimulan ng VRE ang pag-tsek sa mga lagda at proseso sa pagsauli ng mga Vote by Mail na mga balota. Ang mga balotang isasauli bago ang Araw ng Halalan ay isasama sa paunang resulta ng halalan na inilabas sa ganap na 8:00 pm.

Ang bawat ibinalik na Vote by Mail na sobre na balota ay pinoproseso sa pamamagitan ng isang mail sorter na nag-uuri sa mga balota ayon sa presinto ng pagboto. Sa proseso na ito kukunan ng larawan ang sobre, na may lagda ng botante para ihambing ang lagda sa sobre sa lagda sa rehistro ng botante o ibang mga nakasuportang dokumento. Kung nakaligtaan ng botante na lagdaan ang kanilang isinauling sobre o ang lagda ay hindi magkatugma sa file ng botante, isang sulat at form ang ipapadala sa botante na humihiling ng bagong lagda.

Kapag ang lagda ay itinuturing na balido, babaguhin ang katayuan ng botante at ito ay makikita sa [Voter by Mail Ballot Lookup](#). Ang sobre sa balota ay dadalhin sa silid ng pagkuha o extraction room kung saan kukunin ng mga kagamitan ang mga balota mula sa mga sobre ng pagkakakilanlan, habang napoprotektahan ang privacy ng botante. Matapos ang pagkuha, ililipat ang mga balota sa silid ng pagpoproseso o processing room kung saan may mga pangkat na nagsusuri sa mga balota sira at ihanda ang mga ito sa paghahanay. Ang nasirang mga balota na hindi tumatakbo sa mga tabulator ay muling ginagawa sa koponan ng dalawa. Ito ay inililista sa listahan ng control sa kalidad kasama ang orihinal na balota.

Matapos ang pagproseso, ang mga ballot cards ay ipapadala sa tabulators. Ang nai-scan na mga imahe ng balota ay maaaring ipadala adjudication kung saan pinag-aaralan ng mga koponan ng dalawang tao ang mga imahe ng balota upang matukoy ang hangari ng botante sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga malabong marka, ang mga hugis na hindi namarkahan nang tama, mga pagkakamali, at mga write-ins. Ang lahat ng mga desisyon na ginawa ng koponan ng adjudication team sa hangarin ng botante ay inililista sa sistema at sinusuri ng isang Tagapangasiwa.

Matapos ang paghahanay, ang papel na mga balota ay itinatago sa isang ligtas na lagayan sa ilalim ng 24 oras na camera na nagbabantay at maaaring suriin sa kahit anong oras sa panahon ng sertipikasyon o muling pagbibilang.

Ang VRE ay nagtatrabaho nang masigasig upang protektahan ang katapatan ng proseso ng halalan habang tinitiyak ang kawastuhan at privacy ng botante. nangangailangan ng panahon upang matiyak na ang bawat mamamayan na pwedeng bumoto ay bumoto lamang ng isang beses sa bawat halalan. Ang isang skedyul sa pagbabago sa mga resulta ay ilalagay sa website ng VRE para sa bawat halalan upang panatilihin may kamalayan ang publiko sa mga paghahanay ng mga balota at sa mga resulta ng halalan. Maaaring suriin ng mga botante ang

status ng kanilang balota sa [Vote by Mail Ballot Lookup](#) na webpage o sa SacVote App.

B. Canvass o Paglikom ng mga Boto - Mga Vote Center

Tuwing gabi, ibabalik ng mga kawani ng Vote Center ang lahat ng pink na mga lagayan ng balota na naglalaman ng ibinalik na Vote by Mail na mga balota at ang blue na lagayan ng balota na naglalaman ng in-person na mga balota at mga Conditional Voter Registration and Provisional na mga balota (dilaw na mga sobre). Ang lahat ng mga lagayan ay kinabitan ng isang Radio-Frequency Identification (RFID) na label upang matiyak na isinauli ng lahat ng Vote Centers ang lahat ng balota na may boto. Kabilang sa Vote Center na balota na may boto ay isang Ballot Transport Chain of Custody na listahan, hindi nagamit na mga balota, talaan mula sa mga Vote Center, at anumang nakumpletong Voter Registration Forms. Walang personal na impormasyon ang iiwanan nang buong magdamag sa Vote Centers.

Sa Gabi ng Halalan, iproseso ng VRE ang lahat ng mga balota mula sa mga Vote Centers na ibinigay nang personal, kabilang ang anumang mga balota na nakuha ng grupo ng VRE mula sa mga Vote Centers sa pinakamatrabahong mga lokasyon.

Ang Conditional Voter Registration na mga balota at ang pansamantalang mga balota sa isang Vote Center o sa opisina ng VRE ay paunang naproseso sa pamamagitan ng pagpapatunay kung karapat-dapat ang botante o hindi. Kapag nakumpirma na, ang pagrehistro ng botante ay babaguhin kung may mga pagbabago at ang balota ay kukunin, iproseso at itala katulad ng lahat ng ibang mga balota. Ang mga balotang ito ay isasama sa panghuling opisyal na resulta.

C. 1% Manu-manong Pagtala

Upang matiyak na ang mga ballot scanners ay nagtatala nang wasto, nagsasagawa ang VRE ng isang manu-manong pagtala sa 1% ng lahat ng mga presinto ng County ng Sacramento. Ang mga presinto ay tinukoy nang walang pili isang araw bago ang Araw ng Halalan. Ang manu-manong pagtala ay isinagawa sa parehong Vote by Mail at Vote Centers ballots na naitala hanggang sa Araw ng Halalan.